

Pamumuhunan para sa mga Inisyatibong pang Kultura na Pinangungunahan ng Komunidad

Mga katanungan sa [Media para sa](#) Ika-2 ng Oktubre, 2026

Bukas na ang aplikasyon para sa mga programang Ethnocultural at Anti-Racism Grant, na sumusuporta sa mga lokal na inisyatibo sa kultura at laban sa rasismo sa buong Alberta.

Ang gobyerno ng Alberta ay namumuhunan ng \$2.5 milyon para sa mga programang Ethnocultural at Anti-Racism Grant, kung saan nagbukas na para sa mga aplikasyon. Ang pondo ay susuporta sa mga inisyatibong pinangunahan ng komunidad na nagdiriwang ng iba't ibang kultura ng Alberta, nagtataguyod ng pag-unawa at tumutulong sa pagtugon sa rasismo.

Ang mga programa ng Ethnocultural at Anti-Racism Grant ay tumutulong sa mga organisasyon na maglunsad ng mga proyekto at mga inisyatibong pang-edukasyon na magpapalakas ng koneksyon ng mga taga Alberta, at upang lumikha ng mas marami pang komunidad na malugod ang pagtanggap. Para sa intake ng 2026, hanggang \$2 milyon ang magagamit sa pamamagitan ng programa ng Ethnocultural Grant at hanggang \$500,000 ang magagamit sa pamamagitan ng programa ng Anti-Racism Grant para sa mga proyekto sa buong Alberta.

"Ang lakas ng Alberta ay nagmumula sa mga mamamayan nito at sa mga komunidad na sama-sama nilang binubuo. Sa pamamagitan ng pagsuporta sa mga lokal na proyekto at sa mga inisyatibo sa antas ng pamayanan, ang mga gawad na ito ay tumutulong sa mas maraming taga Alberta na makipag-ugnayan, matuto mula sa isa't isa, at gumawa ng pangmatagalang pagbabago malapit sa kanilang tahanan."

Muhammad Yaseen, Associate Minister ng Multiculturalism

Gawad para sa Ethnocultural

Ang Gawad para sa programa ng Ethnocultural ay nagbibigay ng \$2 milyon na pondo upang suportahan ang mga inisyatibo sa ibat-ibang kultura na pinangungunahan ng mga komunidad sa buong Alberta. Ang mga karapat-dapat na organisasyon ay maaaring mag-apply para sa mga gawad na aabot sa \$50,000 para sa mga proyektong nagtataguyod ng mga

koneksyon sa kultura, o hanggang \$15,000 para sa mga inisyatibong nagdiriwang ng iba't ibang pinagmulan at tradisyon na matatagpuan dito sa Alberta.

"Sa tulong ng Gawad para sa programang Ethnocultural, nagawa ng aming organisasyon na pagsamahin ang iba't ibang kultura ng komunidad, palakasin ang pag-unawa sa pagitan nila at lumikha ng makabuluhang mga pagkakataon para sa mga mamamayan na ipagdiwang ang kanilang pamana habang tumutulong na bumuo ng mas malakas na Alberta."

Anita Ngau, presidente ng uTurn Project

Gawad Laban sa Rasismo

Ang Gawad Laban sa Rasismo ay nagbibigay ng \$500,000 na pondo upang suportahan ang mga inisyatibo laban sa rasismo na pinangungunahan ng komunidad. Maaaring mag-apply ang mga karapat-dapat na mga organisasyon para sa mga gawad na hanggang \$10,000 para sa mga proyektong pinagsasama ang pampublikong edukasyon na may pagsisikap na palawakin ang kanilang gawain, o hanggang \$5,000 para sa mga inisyatibong nakatuon sa pagpapataas ng kamalayan tungkol sa rasismo at mga dulot nito.

"Nakatulong ang programang Ethnocultural at Anti-Racism Grant na pag-ugnayin ang mga itim na komunidad na nagsasalita ng Pranses at Ingles sa Calgary, sa pamamagitan ng kultura sa pagkain, musika at pagkukuwento. Salamat sa kanila, naibahagi ng mga pamilya ang kanilang kaalaman, natuto sa isa't isa at nakabuo ng makabuluhang mga ugnayan."

Aline Nzeyimana, ang nagtatag at executive director ng Wings of Hope Global Foundation

Mabilisang impormasyon

- Bukas ang mga programang ito sa mga grupong nakabase sa Alberta, kabilang ang:
 - Mga non-profit na organisasyon, mga grupong multikultural at nakabatay sa pananampalataya, mga pamayanan ng First Nations at Métis, gayundin ang mga Institusyon sa post-secondary.
- Ang deadline ng pagsusumite ng aplikasyon para sa mga kategorya ng grant ay sa Ika-31 ng Oktubre

Kaugnay na impormasyon

- alberta.ca/ethnocultural-grant
- alberta.ca/anti-racism-grant

Mga katanungan sa media

Braedyn Funke

587-340-4112

Kalihim ng Press, Arts, Culture and Status of Women